Department of **Education**

GOVERNMENT OF WESTERN AUSTRALIA

# Mga pagpipilian sa Year 11 at 12

## Impormasyon para sa mga magulang at taga-alaga

Kung interesado ang mga mag-aaral na pumasok sa unibersidad, may partikular na propesyon na nasa isip na kabilang ang karagdagang pag-aaral at pagsasanay, o balak na pumasok sa workforce pagkatapos ng pag-aaral. Mayroong isang malawak na mga opsyon para sa mga mag-aaral sa Year 11 at 12 na nagbibigay ng iba't ibang landas tungo sa unibersidad, pagsasanay at trabaho.

### Mga mapagpipiliang kurso at programa para sa mga estudyante sa Year 11 at 12.

| Opsyon | Paglalarawan |
|---|---|
| **Mga kursong ATAR (ATAR courses)** | Ang mga kurso ng Australian Tertiary Admissions Rank (ATAR) ay karaniwang nakatuon sa akademiko. Ang mga mag-aaral na humahangad ng isang ATAR ay kailangang makapagtapos ng isang minimo ng apat na kursong ATAR sa Year 12. Bagamat karaniwang na isinasagawa upang makapasok ang mga pag-aaral sa unibersidad, ang mga kursong ATAR ay mahusay ring paghahanda para sa isang saklaw ng landas pagkatapos ng pag-aaral, kabilang ang bokasyonal na pagsasanay. |
| **Mga kursong pangkalahatan (General courses)** | Ang mga kursong ito ay pangunahing inilaan para sa mga mag-aaral na karaniwang may balak na pumasok sa karagdagang bokasyonal na pagsasanay o upang makapasok sa trabaho pagkatapos nilang umalis sa paaralan. Ang mga pangkalahatang kurso ay walang panlabas na itinakdang mga pagsusulit na katulad ng mga kursong ATAR, ngunit ang mga ito ay may isang sapilitang panlabas na itinakdang gawain sa Year 12 na nagkakahalaga ng 15 porsyento ng pangkalahatang pagtatasa ng isang mag-aaral. Maaaring gumamit ang mga mag-aaral ng ilang mga kursong pangkalahatan bilang bahagi ng isang alternatibong landas ng pagpasok sa ilang mga kurso ng unibersidad. |
| **Mga kursong batayan (Foundation courses)** | Dinisenyo para sa mga mag-aaral na nangangailangan ng suporta upang makamit ang pinakamababang pamantayan para sa karunungang bumasa at sumulat at/o magbilang bago matapos ang Year 12. Ang mga kursong ito ay nagbibigay ng pagtuon sa mga kasanayan sa pagbasa at pagsulat, praktikal na karanasang nauugnay sa trabaho at ang pagkakataong bumuo ng personal na kasanayan na mahalaga para sa buhay at trabaho.<br>Ang mga kursong batayan ay walang mga pagsusulit, mayroon silang sapilitang panlabas na itinakda na gawain sa Year 12 na nagkakahalaga |

D23/1255635
June 2023

CC BY Exclusions may apply

| | |
|---|---|
| | ng 15 porsyento ng pagtatasa na nakabase sa paaralan ng isang mag-aaral para sa kurso. |
| **Mga kwalipikasyon na VET (VET qualifications)** | Kumpletuhin ng mga mag-aaral ang isang kinikilalang pambansang kwalipikasyon na Bokasyonal na Edukasyon at Pagsasanay (VET). Ang VET ay bumubuo ng ng mga kasanayan at kaalaman sa loob at para sa trabaho. Maaaring gamitin ng mga mag-aaral ang mga kwalipikasyon ng VET upang isama sa Western Australian Certificate of Education (WACE). |
| **Mga programang inendorso (Endorsed programs)** | Ang mga programang inendorso ay nagbibigay ng pag-aaral sa pamamagitan ng mga aktibidad na hindi saklaw ng mga kursong WACE o mga programang VET. Ang mga inendorsong programa ay para sa mga mag-aaral na nagnanais na makilahok sa mga programang inihahatid sa iba't ibang mga lugar ng mga paaralan, lugar ng trabaho, unibersidad at mga organisasyon ng komunidad. Ang mga inendorsong programa ay maaaring ihatid bilang bahagi ng kurikulum ng paaralan o ekstrakurikular na aktibidad at maaaring magamit ang mga ito upang isama sa WACE. |
| **Mga kursong panimula (Preliminary courses)** | Ang mga kursong panimula ay idinisenyo para sa mga mag-aaral na nakilalang may kahirapan sa pag-aaral at/o kapansanan sa intelektwal. Ang mga kursong ito ay nagbibigay ng mga pagpipilian para sa mga mag-aaral na hindi nakaka-access sa ATAR, mga nilalaman ng kursong pangkalahatan o batayan na may pagsasaayos at/o probisyon para sa may kapansanan.<br>Ang mga panimulang yunit ay hindi nakakatulong sa pagkamit ng isang WACE. |



Exclusions may apply